# IMPORMASYON PARA SA MGA MIGRANTENG MANGGAGAWA

## Isang gabay sa trabaho at mga karapatang pangtrabaho sa New Zealand

Ang gabay na ito ay para sa mga taong nagbabalak magtrabaho sa panahon ng kanilang pagtigil sa New Zealand. Pinapaliwanag nito ang iyong mga pinakamababang karapatang pangtrabaho at ano ang gagawin at saan pupunta kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon o tulong, partikular sa mga bagay na may kinalaman sa trabaho at imigrasyon.

Ang mga relasyong pangtrabaho at kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho sa New Zealand ay responsibilidad ng Department of Labour. Ang Department of Labour ay nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga amo, trabahador, unyon, at lugar ng trabaho, kasama na dito ang pagtulong sa pagresolba ng mga problemang pangtrabaho.

Ang imigrasyon ay responsibilidad ng Immigration New Zealand, isang serbisyo ng Department of Labour.

### KANINO MAKIKIPAG-UGNAYAN

**Para sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa trabaho, kasama na dito ang kalusugan at kaligtasan sa lugar ng trabaho:**

DEPARTMENT OF LABOUR CONTACT CENTRE

Mga tawag sa loob ng New Zealand:
Libreng telepono 0800 20 90 20

Website: **www.dol.govt.nz**

**Para sa lahat ng mga bagay na may kinalaman sa imigrasyon:**

IMMIGRATION NEW ZEALAND CONTACT CENTRE

Mga tawag sa loob ng New Zealand nguni't sa labas ng Auckland: Libreng telepono 0508 55 88 55

Mga tawag mula sa Auckland: 09 914 4100

Mga tawag mula sa labas ng New Zealand: +64 9 914 4100

Website: **www.immigration.govt.nz**

### ANO ANG GAGAWIN BAGO MO LISANIN ANG IYONG SARILING BANSA

Bago ka gumawa ng kahit anong desisyon hinggil sa pagtatrabaho sa New Zealand, maingat na saliksikin ang industriyang iyong pagtatrabahuan. Ilan sa mga mainam na paraan para makakuha ng impormasyon ay ang makipag-usap sa mga ibang nakapagtrabaho na sa New Zealand, at bisitahin ang mga websites ng mga organisasyong nakabase sa New Zealand para sa iyong industriya. Ang pagiging ganap na maalam ay makakatulong sa iyo upang malaman kung ano ang dapat asahan sa New Zealand at gagawin nitong mas kasiya-siya ang iyong karanasan. Ang mga detalye ng ilang mga makatutulong na organisasyon ay nakalista sa dulong bahagi ng gabay na ito.

### ANO ANG IYONG MGA PINAKAMABABANG KARAPATANG PANGTRABAHO SA NEW ZEALAND?

Ang New Zealand ay may batas pangtrabaho upang protektahan ang lahat ng manggagawa sa di-patas na pagtrato sa trabaho. Bilang isang trabahador sa New Zealand ikaw ay mayroon karapatang maging malaya sa kahit anong anyo ng pang-aapi, panliligalig o diskriminasyon base sa kulay, lahi, pagka-etniko, edad, kapansanan, relihiyon, pag-anib na politikal, estado ng trabaho, oryentasyong sekswal at estadong may kinalaman sa kasal at pamilya. Ang bawat trabahador ay dapat magkaroon ng isang nakasulat na kasunduang pangtrabaho. Maaaring ito'y isang indibidwal na kasunduan o isang panlahat na kasunduan. Importanteng naiintindihan at sinasang-ayunan mo ang iyong mga kondisyon ng trabaho bago ka magsimula ng trabaho.

**Sahod**

Ikaw ay mayroong karapatang mabayaran ng hindi bababa sa pinakamababang sahod, na bayad kada oras na itinakda ng Gobyerno, o bayad na mas mataas sa pinakamababang sahod bilang napagkasunduan ninyo ng iyong amo. Maliban na lamang kung ito'y para sa buwis, kailangang kuhanin ng iyong amo ang iyong nakasulat na pahintulot upang kaltasan ang iyong sweldo, o upang bayaran ang iyong sahod sa anyong iba sa salapi.

**Mga Bakasyon**

Ikaw ay maaaring magkaroon ng karapatang mabayaran para sa mga pampublikong bakasyon, taunang bakasyon, pagliban dahil sa pagkakasakit, pagdadalamhati o paglibang pangmagulang.

**Pagiging kasapi ng unyon**

Ikaw ay mayroong karapataing sumapi sa unyon, isang organisasyong pinatatakbo ng mga trabahador na sinisikap maprotektahan at mapabuti ang sahod at mga kondisyon sa paggawa. Matutulungan ka ng mga unyon sa anumang problema o katanungang mayroon ka na may kinalaman sa lugar na iyong pinagtatrabahuan at iyong mga karapatang pangtrabaho.

DOL 11608 APR 11 - TAGALOG

## ANO ANG DAPAT MONG GAWIN KUNG NANINIWALA KANG HINDI NAAABOT ANG IYONG MGA PINAKAMABABANG KARAPATANG PANGTRABAHO?

May marami at iba-ibang panggobyerno at di-panggobyernong organisasyon sa New Zealand na nagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga migrante at manggagawa. Ang mga organisasyong ito ay hindi naniningil para sa kanilang mga serbisyo. Kung sa tingin mo ay tinatrato ka nang di-patas sa lugar na iyong pinagtatrabahuan, maaari kang makipag-ugnayan sa kahit anong organisasyong nakalista sa ibayong dako ng papel. Ang Department of Labour ay maaari ding makatulong sa pamamagitan sa pagitan mo at ng iyong amo.

## ANO ANG DAPAT MONG GAWIN KUNG TINAPOS ANG IYONG PAGTATRABAHO HABANG IKAW AY NASA NEW ZEALAND?

Kung ang iyong pagtatrabaho ay tinapos habang ikaw ay nasa New Zealand dapat kang dumulog sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration New Zealand (aabisuhan ka ng aming Contact Centre kung saan iyon) sa lalong madaling panahon upang maabisuhan kami hinggil sa iyong sitwasyon at mag-apply para sa bagong pansamantalang bisa.

Bago magsimula ng trabaho ang isang trabahador, ang amo at ang trabahador ay maaaring magkasundo sa isang nakasulat na kasunduang pangtrabaho sa hanggang siyamnapung araw na panahon ng pagsubok. Kung matapos ang pagtatrabaho sa loob ng nasabing siyamnapung araw, ang isang trabahador ay hindi maaaring maghain ng isang kaso ng di-makatwirang pagpapaalis. Ang Department of Labour ay maaaring mag-alok ng pamamagitan sa ganitong mga sitwasyon. Kung ikaw ay naniniwala na hindi patas ang pagtatapos ng iyong pagtatrabaho, makipag-ugnayan sa Departamento.

## MGA ISYUNG PANGTRABAHO AT PANGKALUSUGAN AT PANGKALIGTASAN

May mga pinakamababang karapatan at obligasyong pangtrabahong may kinalaman sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Partikular dito:

- Ang iyong amo ay dapat magbigay ng ligtas na kapaligirang pangtrabaho, wastong pagsasanay, pangangasiwa at kagamitan.
- Kinakailangan mo ng makatwirang pag-iingat upang mapanatili mo ang iyong sarili na ligtas, at maiwasang magdulot ng pinsala sa iba sa pamamagitan ng kung paano mo gawin ang iyong trabaho.
- Ikaw ay mayroong karapatang tanggihan ang trabahong maaaring magdulot sa iyong sarili ng matinding pinsala. Ikaw ay mayroon ding karapatang makilahok sa pagpapabuti ng kalusugan at kaligtasan sa lugar na iyong pinagtatrabahuan.

## MGA MAG-AARAL

IKung ikaw ay nag-aaral sa New Zealand kailangan mong sundin ang mga kondisyon ng iyong bisa, kasama na dito ang anumang mga kondisyong pangtrabahong nakasaad. Ang mga internasyunal na mag-aaral na karapat-dapat sa mga karapatang pangtrabaho ay karaniwang pinapayagang magtrabaho nang hanggang dalawampung oras kada linggo sa isang taon at nang dere-deretso sa panahon ng bakasyon sa pasko/tag-init. Ang kakayahang magtrabaho ay dapat makita sa iyong bisa o sa isang liham ng pag-apruba mula sa Immigration New Zealand. Mangyari lamang na suriin ang iyong bisa o ang liham ng pag-apruba para sa mga kondisyong tumutukoy sa iyo.

*May mga organisasyon at serbisyong makakatulong sa iyo habang ikaw ay namumuhay at nagtatrabaho sa New Zealand.*

## IMPORMASYON HINGGIL SA PANG-ARAW-ARAW NA PAMUMUHAY

Kung nais mong malaman ng higit pa hinggil sa pang-araw-araw na pamumuhay sa New Zealand, katulad ng:

- pag-upa ng silid o bahay
- support networks
- sistemang medikal ng New Zealand
- pag-unawa sa mga paaralan
- libangan at kultura ng New Zealand

pumunta sa www.immigration.govt.nz/settlement o www.ssnz.govt.nz

## SETTLEMENT SUPPORT NEW ZEALAND (SSNZ)

**www.ssnz.govt.nz**

*(Ang website na ito ay mayroong mga detalye sa pakikipag-ugnayan para sa labing-walong serbisyong SSNZ sa buong New Zealand.)*

Ang SSNZ ay isang pambansang support network na nagtuturo sa mga bagong migrante at kanilang mga pamilya sa mga serbisyong lokal na kailangan nila sa mga unang taon nila sa New Zealand. Ang SSNZ ay ang unang punto ng pakikipag-ugnayan para sa libreng impormasyon at mga serbisyo upang matulungan kang manirahan nang maayos sa New Zealand.
Mga tawag mula sa loob ng New Zealand: Libreng telepono 0800 77 69 48

## COMMUNITY LAW CENTRES

**www.communitylaw.org.nz**

*(Ang website na ito ay mayroong mga detalye sa pakikipag-ugnayan para sa lahat ng centres sa buong New Zealand.)*

Ang community law centres ay nagbibigay ng hanay ng pampamayanang serbisyong legal kasama na dito ang payong legal, tulong at pagkatawang legal, impormasyong legal, edukasyong legal at mga aktibidad na may kinalaman sa reporma sa batas.

## NEW ZEALAND COUNCIL OF TRADE UNIONS (CTU)

**www.union.org.nz**

Ang CTU ay may apatnapung unyong kaanib, kasama na dito ang New Zealand Nurses Organisation para sa mga nars at tagapagbigay-alaga, at ang Amalgamated Workers Union para sa mga manggagawa at trabahador sa agrikultura. Ang mga unyon ay kumakatawan sa mahigit tatlong daang libo't limampung miyembro ng unyon.
Maaari kang ipakilala ng CTU sa angkop na unyon para sa iyong industriya. Ang mga unyon ay makakatulong sa iyo sa anumang mga paghihirap mo sa lugar na iyong pinagtatrabahuan sa pamamagitan ng pagbibigay ng payo at pagkatawan.
Mga tawag mula sa loob ng New Zealand: (04) 385 1335

## INLAND REVENUE DEPARTMENT

**www.ird.govt.nz**

Ang Inland Revenue ay maaaring magbigay sa iyo ng impormasyon upang matulungan kang maunawaan ang iyong mga obligasyon at mga karapatan sa buwis sa New Zealand.

Mga tawag mula sa loob ng New Zealand: Libreng telepono 0800 22 77 74

Mga tawag mula sa labas ng New Zealand: +64 4 978 0779

Oras ng pagtawag: alas-otso ng umaga hanggang alas-otso ng gabi Lunes hanggang Biyernes, alas-nuwebe ng umaga hanggang ala-una ng hapon Sabado

**Ang Embahada, Konsulado, o Mataas na Komisyon ng iyong bansa sa New Zealand ay maaaring makatulong at makapagpayo sa iyo hinggil sa anumang mga paghihirap na maaaring dinaranas mo.**